DIOCESE OF SAITAMA

TOKIWA 6-4-12, Urawa-ku,
SAITAMA city
〒330-0061, JAPAN
TEL：048-831-3150
FAX：048-824-3532

カトリックさいたま教区

さいたま市浦和区
常盤 6-4-12
〒330-0061
TEL:048-831-3150
FAX:048-824-3532

Sa lahat ng aking mga kapatid sa Diyosesis ng Saitama:

Nais ko kayong batiin ng Maligayang Pasko at Manigong Bagong Taon 2020!
"…at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya!" (Lukas 2:14b)

Sa araw na ito ng Bagong Taon, ipinagdiwang ang Solemnidad ni Maria, Ina ng Diyos. Sa araw na ding ito ay itinatag ang Pandaigdigang Araw ng Kapayapaan. Sa simula ng taon manalangin tayo, sa pamamagitan ng Inang Maria, para sa mga pinuno ng mundo upang tumugon sa tawag ni Papa Fransisko para sa kapayapaan, at seryosong sumali sa isip at gawa sa pagtatag ng mapayapang mundo.

Tayo ay puno ng kagalakan na tinanggap mula sa pagdalaw ni Papa Fransisko sa Japan noong Nobyembre, at sinimulan natin ang bagong taon. Segurado ako na ang mga poster at kalendariyo na nilagay sa mga simbahan, kumbento, paaralan, institusyon, pasilidad at mga bahay at marami sa inyo ang pinahalagahan ang mga bagay na alaala at mga kinuhang larawan. Ang lalong pahalagahan sa ating mga puso ay ang bawat mensahe ng Santo Papa ay kailangang maisakatuparan sa ating pagsumikap sa buong bagong taon.

Mahalin natin ang Diyos, mahalin ang ating kapwa at kalingain ang kalikasan.
Kung tayo ay papiliin sa mga panawagan ng Santo Papa at gawing resolusyon sa Bagong Taon, ito ay ang "bawat isa ay maging instrumento ng kapayapaan". Dapat higitan ang pagkakaiba at malikhaing gawin ang maaring gawin na magkasama kahit gaano kaliit man, tayo ay totoong pinagpala.

Si Papa Fransisko ay nagsabi na isa sa mga magandang paraan upang maging "instrumento ng kapayapaan" ay pangangalaga at ipagtanggol ang "mundo, ang ating kumon na tahanan ng bawat nilalang". Ang Japan, na biniyayaan ng magandang kalikasan ay nagkaroon din ng pagkawasak ng kapaligiran sa kritikal na istado dahil sa pagpapalago ng gawaing ekonomikal. Isang tingin sa dagat at beach ay sapat na para makilala ito. Ang mundo ay may utang na loob sa karagatan. Marami sa ating mga pangangailangan sa ating

buhay ay dinala ng mga barko na bumabaybay sa karagatan. Ang ating buhay ay sinuportahan ng iba't-ibang buhay na dala at pinalago sa daloy ng karagatan. Ang gawaing pag-alaga ng kalikasan sa Japan ay mas higit na malago kaysa Argentine kung saan ako ay nanirahan ng 33 taon. Subalit, ang ating sariling kamalayan ay mas higit at sapat at ang pang-isahang kooperasyon at pagsisikap ay kailangan.

Ang pangangalaga sa kalikasan ay malalim na nauugnay sa ating pinakaimportanteng kautusan: "Mahalin mo ang iyong Panginoong Diyos ng buong puso, kaluluwa at isip…. Mahalin mo ang iyong kapwa gaya ng pagmamahal mo sa iyong sarili." (Mateo 22:36-40). Ito ay kagyat na isyu na karaniwan sa lahat ng tao at ng ibang relihiyon. Ang aking ninanais ay maging mapanlikha kayo sa lahat ng klaseng mga gawain sa "pangangalaga sa kalikasan" at gawin ang maaring gawin sa iyong minamahal na parokya, mga tahanan at local na mga komunidad.

Biyayaan sana kayo ng sagana ng Diyos upang maging mabunga ang bagong taon! At manalangin tayo na ang ating tiwala sa ating Inang Maria ay mapalalim.

"Banal na Maria, Ina ng Diyos, ipanalangin mo kami! Amen."



Mario YAMANOUCHI Michiaki
Obispo ng Diyosesis ng Saitama